# Araling Panlipunan Reviewer - Set C

1. Ito ang tawag sa taglay na kapangyarihan ng Pilipinas na pamahalaan ang nasasakupan nito.
    a. tao
    b. teritoryo
    c. soberanya
    d. pamahalaan

2. Ang sumusunod, maliban sa isa, ay mga elementong taglay ng Pilipinas upang ituring itong isang bansa. Alin ang HINDI?
    a. tao
    b. teritoryo
    c. soberanya
    d. kayamanan

3. Sa rehiyong _____ matatagpuan ang bansang Pilipinas.
    a. Hilagang Asya
    b. Gitnang-Silangang Asya
    c. Timog-Kanlurang Asya
    d. Timog-Silangang Asya

4. Ang pinakamalaking bahaging tubig na nasa silangan ng Pilipinas ay ang _____.
    a. Bashi Channel
    b. Karagatang Pasipiko
    c. West Philippine Sea
    d. Tañon Strait

5. Ang sumusunod ay matatagpuan sa hilaga ng Pilipinas maliban sa isa. Alin ito?
    a. China
    b. Taiwan
    c. Vietnam
    d. Bashi Channel

6. Matatagpuan ang Japan at Taiwan sa _____ ng Pilipinas.
    a. hilaga
    b. kanluran
    c. silangan
    d. timog

7. Humigit kumulang ilang kilometro ba ang layo ng Pilipinas sa kalakhang kontinente ng Asya?
    a. 1 000
    b. 2 000

hunterswoodsPH.com

   c. 3 000
   d. 4 000

8. Umaabot sa ilang kilometro ang lawak ng Pilipinas mula sa kanluran pasilangan?
   a. 4 107
   b. 3 107
   c. 2 107
   d. 1 107

9. Ilang pulo ang bumubuo sa Pilipinas?
   a. 1 107
   b. 1 851
   c. 7 641
   d. 300 000

10. Ang sumusunod, maliban sa isa, ay mga dahilan ng pag-init at paglamig ng atmospera. Alin dito ang HINDI kabilang?
    a. araw at gabi
    b. pagsikat ng buwan
    c. epekto ng monsoon
    d. tindi ng sikat ng araw

11. Ito ay isang mataas na anyong lupa ngunit mas mababa sa bundok. Karaniwang may hugis ito na pabilog.
    a. bulkan
    b. burol
    c. lambak
    d. talampas

12. Ito ay isang anyong tubig na nanggagaling sa ilalim ng lupa.
    a. bukal
    b. ilog
    c. karagatan
    d. kipot

13. Ito ang klima ng Pilipinas dahil sa direkta itong nasisikatan ng araw.
    a. tagsibol
    b. taglagas
    c. tropikal
    d. mitikal

14. Ito ay anyong lupa na binubuo ng hanay ng mga bundok.
    a. bulubundukin
    b. kapatagan
    c. lawa
    d. pulo

hunterswoodsPH.com

15. Nasa mababang latitud ang Pilipinas kaya _____ ang sikat ng araw na natatanggap nito.
    a. pahilis
    b. direkta
    c. paikot
    d. pababa

16. Ito ay ang higit sa normal na lebel na pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan na epekto ng nagaganap na paglindol.
    a. tsunami
    b. daluyong
    c. hurricane
    d. storm surge

17. Ang _____ ay ang mga bagay na nagmumula sa kalikasan, tulad ng lupa, kabundukan, kagubatan, mga ilog at lawa, pati na rin ang mga depositong mineral, na nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan ng tao.
    a. likas na yaman
    b. magagandang tanawin
    c. bantayog
    d. katutubo

18. Lubhang mapanganib ang bagyo dahil hindi lang malalakas na hangin ang dala nito. Ang hanging dala ng bagyo ay maaari ring magdulot ng _____, isang hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan.
    a. tsunami
    b. storm surge
    c. lindol
    d. hazard map

19. Ano ang magandang epekto ng pagkakaroon natin ng malawak na katubigan?
    a. Ito ay maaaring maging daanan ng mga kalakal.
    b. Ito ay mainam para sa pagbabangka o pagbibiyahe.
    c. Ito ay maaaring pagkakitaan sa pamamagitan ng pangingisda.
    d. Lahat ng nabanggit ay tama.

20. Ang mga sumusunod na magagandang tanawin ng ating bansa, maliban sa isa, ay itinuturing na likas na yaman. Alin ang HINDI kabilang sa pangkat?
    a. Chocolate Hills
    b. Maria Cristina Falls
    c. Hundred Islands
    d. Manila Ocean Park

21. Ang Lambak Trinidad sa Benguet, ang Banawe Rice Terraces, at ang mga Talampas sa Batangas at Bukidnon ay kilalang taniman ng mga gulay. Malaking tulong ang mga ito sa pamumuhay ng mga tao. Anong uri ng likas na yaman ang mga ito?

hunterswoodsPH.com

a. yamang pansakahan
b. yamang dagat
c. yamang mineral
d. yamang kagubatan

22. Ang tilapia ay halimbawa ng anong uri ng likas na yaman?
    a. yamang gubat
    b. yamang mineral
    c. yamang pangisdaan
    d. yamang pansakahan

23. Ang Leyte at ang Tiwi, Albay ay kilala sa paggawa ng anong klaseng enerhiya?
    a. geothermal
    b. hydropower
    c. biomass
    d. solar

24. Sa anong paraan makatutulong ang pamahalaan upang magkaroon ng puhunan ang mga tao sa kanilang gawaing pangkabuhayan?
    a. Pagpapasara sa mga kooperatiba
    b. Pagsasawalang-kibo sa mga pangangailangan ng mga tao
    c. Pagpapautang ng may napakataas na interes sa mga tao
    d. Pagpapahiram ng puhunan ng mga kooperatiba sa mga magsasaka at mangingisda

25. Bakit kailangan ang sustainable development o ang likas kayang pag-unlad?
    a. upang magkaroon ng isang alternatibong kaunlaran sa harap ng lumalalang krisis pangkalikasan
    b. upang maiwasan ang tuluyang pagkasira at pagkawasak ng kalikasan
    c. pagsasaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan
    d. lahat ng nabanggit ay tamang sagot

26. Paano nailuluklok sa posisyon ang isang pinuno ng demokratikong bansa tulad ng Pilipinas?
    a. sa pamamagitan ng rekomendasyon ng pinuno ng ibang bansa
    b. sa pagpapamana ng posisyon sa kapamilya
    c. sa pagpili ng mga tao o pagboto sa panahon ng eleksyon
    d. sa pamamagitan ng kayamanan na meron ang isang tao

27. Ito ay tinatawag ding mataas na kapulungan.
    a. Kapulungan ng mga Kinatawan
    b. Korte Suprema
    c. Sangay ng Tagapagpaganap
    d. Senado

28. Ito ang sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng batas at pinamumunuan ng pangulo.
    a. ehekutibo

hunterswoodsPH.com

b. lehislatibo
c. hudikatura
d. mahistrado

29. Siya ang nagsisilbing lider ng mataas na kapulungan o senado.
    a. ispiker
    b. punong senador
    c. pangulo ng senado
    d. punong mahistrado

30. Ito ang kaagapay ng Pangulo sa pagpapatupad ng mga batas.
    a. mataas na kapulungan
    b. mababang kapulungan
    c. gabinete
    d. hudikatura

31. Alin sa mga sumusunod ang proseso ng batas kung saan maaaring matanggal ang isang mataas na opisyal ng pamahalaan?
    a. veto power
    b. check and balance
    c. impeachment
    d. separation of powers

32. Anong kagawaran ang namamahala sa pagbibigay ng ayuda o mga relief goods at iba pang pangangailangan ng mga taong nasalanta ng kalamidad?
    a. Department of Social Welfare and Development (DSWD)
    b. Department of Labor and Employment (DOLE)
    c. Department of Agriculture (DA)
    d. Department of Health (DOH)

33. Alin sa mga sumusunod na programa ang itinataguyod ng pamahalaan upang masugpo ang mga sakit gaya ng polio, tigdas, diarrhea, at trangkaso?
    a. pagbabakuna
    b. PhilHealth
    c. Complete Treatment Pack
    d. National Health Insurance Program

34. Aling programang pang-edukasyon ang naglalayong mabawasan ang mga out-of-school youth (OSY) at maihanda sila sa pagnenegosyo o paghahanapbuhay? Sa pamamagitan ng Alternative Learning System (ALS) binibigyan sila ng pagkakataon na makapag-aral sa mga oras at araw na libre sila o di naghahanapbuhay.
    a. Edukasyon Para sa Lahat
    b. Programang K to 12
    c. Day Care Center
    d. Abot-Alam

hunterswoodsPH.com

35. Ito ang balangkas at programa para sa kapayapaan at pag-unlad sa mga lugar na apektado ng kaguluhan.
    a. PAMANA
    b. ZAMBASULTA
    c. Edukasyon Para sa Lahat
    d. Programang K to 12

36. Si Gregor ay magaling gumuhit ngunit hindi siya kayang pag-aralin ng kanyang pamilya. Alin sa mga sumusunod na tulong ang pinaka-angkop na maaaring ibigay sa kanya ng pamahalaan?
    a. Bigyan siya ng abogado na magtatanggol sa kanya.
    b. Tulungan siya na magkaroon ng sariling trabaho.
    c. Bigyan siya ng iskolarsyip galing sa pamahalaan.
    d. Pagkalooban siya ng pabahay.

37. Upang mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan, naglalaan ng pondo ang pamahalaan para sa national roads at tulay; mga paliparan, daungan, at mga parola; at mga silid-aralan at iba pa. Saan nabibilang ang mga nasabing proyekto ng pamahalaan?
    a. proyektong pang-impraestruktura
    b. serbisyong ampolitika
    c. programang pang-edukasyon
    d. programang pangkalikasan

38. Tumutukoy ito sa mga pampublikong pasilidad na bukas sa sinumang mamamayan ng bansa na may kaalaman at kakayahang magpatakbo ng negosyo.
    a. kagawaran
    b. lingkurang-bayan
    c. ekonomiya
    d. impraestruktura

39. Aling batas ang nagbibigay sa mga bata ng natatanging proteksyon laban sa pang-aabuso, pagsasamantala at diskriminasyon?
    a. Batas Republika Bilang 7610
    b. Batas Republika Bilang 7277
    c. Batas Republika Bilang 7432
    d. Batas Republika Bilang 6759

40. Alin sa mga sumusunod ang nangangahulugang pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa ayon sa itinakda ng batas?
    a. pagkamakabayan
    b. pagkamaka-Pilipino
    c. pagkamakatao
    d. pagkamamamayan

41. Aling prinsipyo ng pagkamamamayan ang naaayon sa dugo o pagkamamamayan ng magulang?
    a. jus sanguinis

huntersswoodsPH.com

b. jus soli
c. pandarayuhan
d. naturalisasyon

42. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa mga prinsipyo ng pagkamamamayan ayon sa kapanganakan?
    a. jus soli at jus sanguinis
    b. katutubo at naturalisado
    c. jus sanguinis at jus naturale
    d. jus soli at jus naturale

43. May dalawang uri ng pagkamamamayan: _____ at _____.
    a. likas at naturalisado
    b. likas at sagrado
    c. likas at lubos
    d. likas at katutubo

44. Ang karapatan ng bawat mamamayan sa isang demokratikong bansa ay nauuri sa tatlo: ang mga likas na karapatan, karapatang kaloob ng binuong batas, at _____.
    a. karapatang nababawi
    b. karapatang pangkatutubo
    c. karapatang pantao
    d. karapatang konstitusyonal

45. Alin sa mga sumusunod ang kasama sa iyong mga karapatan bilang isang bata?
    a. karapatang bumoto
    b. karapatan sa pagmamay-ari
    c. karapatang gumanap ng tungkuling pampubliko
    d. karapatang lumaki sa isang mabuting lipunan

46. Tuwing halalan, hindi nalilimutan ni Diane na bumoto sa kanilang lalawigan. Anong uri ng karapatan ang tinutukoy sa pangungusap na ito?
    a. karapatang sibil
    b. karapatang politikal
    c. karapatan ng nasasakdal
    d. karapatang panlipunan at pangkabuhayan

47. Alin sa mga sumusunod ang tiyak o *absolute* na lokasyon ng Pilipinas sa mapa?
    a. 4°23’ hanggang 21°25’ hilagang latitud at 116°00 hanggang 127°00 silangang longhitud
    b. 2°43’ hanggang 25°31’ hilagang latitud at 161°00 hanggang 172°12 silangang longhitud
    c. 1°32’ hanggang 15°21’ hilagang latitud at 131°00 hanggang 151°10 silangang longhitud
    d. 3°23’ hanggang 20°29’ hilagang latitud at 121°14 hanggang 148°25 silangang longhitud

hunterswoodsPH.com

48. Ito ay mga istrukturang itinayo ng mga Amerikano para gawing sanayan ng mga sundalo at imbakan o arsenal ng mga kagamitang pandigma nila.
    a. base militar
    b. opisina
    c. paaralan
    d. palaruan

49. Sa aling direksyon ng Pilipinas matatagpuan ang Dagat Celebes (Celebes Sea)?
    a. hilaga
    b. timog
    c. silangan
    d. kanluran

50. Ito ang teoryang nagpapaliwanag na dating karugtong ang Pilipinas sa Timog - Silangang Asya.
    a. teorya ng continental drift
    b. teorya ng tulay na lupa
    c. teorya ng ebolusyon
    d. teorya ng bulkanismo

51. Ayon sa paniniwalang panrelihiyon, nilikha ang tao sa pamamagitan ng isang maykapangyarihan na tinatawag na _____.
    a. Apoy
    b. Diyos
    c. Hangin
    d. Tubig

52. Ito ay tumutukoy sa salitang Austronesian o Austronesyano na ang kahulugan ay tao mula sa timog.
    a. Indones
    b. Malayo
    c. Nusantao
    d. Polynesian

53. Ano ang naging batayan ni Peter Bellwood sa kanyang teorya?
    a. ang pagkakatulad ng klima sa Timog-Silangang Asya at sa Pasipiko
    b. ang pagkakatulad ng pamahiin sa Timog-Silangang Asya at sa Pasipiko
    c. ang pagkakatulad ng kulay ng balat ng mga tao sa Timog-Silangang Asya at sa Pasipiko
    d. ang pagkakatulad ng wika, kultura, at pisikal na katangian sa Timog-Silangang Asya at sa Pasipiko

54. Ano ang dahilan ng pagpapalawak ng teritoryo ng mga Austronesyano?
    a. pananakop
    b. pakikipagkalakalan
    c. pakikipagkaibigan

hunterswoodsPH.com

   d. pagpapakilala ng relihiyon

55. Ano ang tawag sa kuwentong pabula na nagpapaliwanag sa mga pangyayari at sumagisag ng mahahalagang balangkas ng buhay?
   a. mitolohiya
   b. alamat
   c. relihiyon
   d. pabula

56. Ano tawag sa sistemang panlipunan, pampulitika, at pang ekonomiya ng mga Pilipino noong pre-kolonyal?
   a. siyudad
   b. barangay
   c. pamilya
   d. lalawigan

57. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa batas na nakasulat noong panahong prekolonyal?
   a. ari-arian
   b. diborsyo
   c. krimen
   d. pag-aaral

58. Sa aling panahon nanirahan ang mga tao sa mga yungib?
   a. Panahong Paleolitiko
   b. Panahong Neolitiko
   c. Panahon ng Metal
   d. Wala sa mga ito

59. Sa aling panahon unang gumamit ang mga Pilipino ng backloom weaving para sa paghahabi ng tela?
   a. Panahong Paleolitiko
   b. Panahong Neolitiko
   c. Panahon ng Metal
   d. Wala sa mga ito

60. Ang pagkakaroon ng tiyak na mapagkukunan ng pagkain ng mga sinaunang tao sa pamamagitan ng pangingisda at pagsasaka ay dahilan ng _____.
   a. pagtira nila sa mga yungib
   b. pagiging pagala-pagala nila
   c. pagkakaroon nila ng maraming ginto
   d. pagkakaroon nila ng permanenteng tirahan

61. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng paghiwa sa bisig gamit ang punyal at pagpapatulo ng dugo sa kopang may alak.
   a. katalonan
   b. sanduguan

hunterswoodsPH.com

c. saguiguilid
d. pamamahay

62. Alin sa mga sumusunod ang HINDI hanapbuhay ng mga sinaunang Pilipino?
    a. pagsasaka
    b. pangingisda
    c. pangangaso
    d. pagiging katulong sa ibang bansa

63. Alin sa mga sumusunod ang HINDI dalang produkto ng mga Tsino sa bansa?
    a. kristal
    b. salamin
    c. tapayan
    d. timbangan

64. Alin sa mga sumusunod ang sinisimbolo ng tattoo o batuk sa katawan?
    a. karangyaan
    b. kabaitan
    c. katalinuhan
    d. kagitingan at kagandahan

65. Anong uri ng pamahalaan ang itinatag ng mga Muslim sa Mindanao?
    a. pamahalaang lokal
    b. pamahalaang lalawigan
    c. pamahalaang sultanato
    d. pamahalaang pambarangay

66. Ito ay isang yunit na pampolitika, panlipunan, at pangkabuhayan noong sinaunang panahon sa Pilipinas.
    a. bansa
    b. barangay
    c. lungsod
    d. sultanato

67. Upang maging isang datu, kailangang ikaw ay kabilang sa pinakamataas na antas ng lipunan, at kung sultan naman, kailangang ikaw ay _____.
    a. matapang at mayaman
    b. magaling gumawa ng batas
    c. galing sa angkan ni Muhammad
    d. galing sa pinakamataas na antas ng lipunan

68. Sino ang sinasamba o Diyos ng mga Muslim?
    a. Allah
    b. Hesus
    c. Maria
    d. Mohammad

hunterswoodsPH.com

69. Sila ang katulong sa pagpapatupad ng batas ng Islam.
    a. abogado
    b. pulisya
    c. Ruma Bichara
    d. Korte Suprema

70. Kailan naganap ang kauna-unahang misa sa Pilipinas?
    a. Marso 16, 1521
    b. Marso 20, 1521
    c. Marso 31, 1521
    d. Abril 2, 1521

71. Alin sa mga sumusunod ang HINDI dahilan ng pagtuklas at pananakop ng mga Espanyol?
    a. Maging tanyag at makapangyarihan
    b. Maipalaganap ang Relihiyong Kristiyanismo
    c. Palakasin ang mga mahihinang bansa
    d. Makuha ang kayamanan ng mga masasakop na lupain

72. Siya ang pinuno ng mga katutubo sa Mactan na nakipaglaban at nagtagumpay laban sa mga Espanyol kung saang labanan nasawi si Magellan.
    a. Rajah Humabon
    b. Rajah Sikatuna
    c. Lapu-Lapu
    d. Rajah Tupas

73. Ito ang kauna-unahang pamayanang Espanyol na itinatag sa Pilipinas.
    a. Cebu
    b. Manila
    c. Limasawa
    d. Tondo

74. Ano ang tawag sa sapilitang pagpapalipat ng mga katutubo sa mga pueblo o sentro ng populasyon?
    a. falla
    b. polo y servicio
    c. reduccion
    d. residencia

75. Anong simbolong Kristiyano ang ipinatayo ng mga Espanyol para maipalaganap ang relihiyong Kristiyanismo?
    a. espada
    b. krus
    c. simbahan
    d. tubig

huntersswoodsPH.com

76. Ano ang katibayang papel na pinanghahawakan ng mga Pilipino na sila ay nagbabayad ng buwis sa Pamahalaang Espanyol?
    a. bandala
    b. cedula personal
    c. listahan
    d. resibo

77. Ano ang kahalagahan ng Royal Audiencia sa panahon ng Espanyol?
    a. Ito ang nagsisilbing hukumang pambarangay noon.
    b. Ito ang sumasaklolo sa mga Pilipinong nagkakasala.
    c. Ito ang pinakamataas na hukuman sa panahon ng Espanyol.
    d. Ito ang nagbibigay ng sweldo sa mga opisyal ng pamahalaan.

78. Ano ang tawag sa sapilitang pagpapalipat ng mga katutubo sa mga pueblo o sentro ng populasyon?
    a. falla
    b. polo y servicio
    c. reduccion
    d. residencia

79. Ito ay pamahalaang militar na itinatag ng pamahalaang kolonyal upang masiguradong magiging mapayapa ang partikular na teritoryo, kagaya ng Cordillera, at susunod sa mga patakarang Espanyol ang mga nakatira dito.
    a. comandancia
    b. jihad
    c. polo y servicio
    d. Royal Audiencia

80. Ang _____ ay dulang tungkol sa labanan ng mga Muslim at Kristiyano.
    a. korido
    b. moro-moro
    c. sarsuwela
    d. senakulo

81. Sino ang nanguna sa pag-aalsa noong 1596 sa Cagayan dahil sa hindi makatarungang pagbubuwis at pagmamalabis sa monopolyo sa tabako?
    a. Lagutao at Baladdon
    b. Magalat
    c. Sumuroy
    d. Tamblot

82. Ano ang naunang tawag sa Bank of the Philippine Islands?
    a. Banco Español-Filipino
    b. Bangko Sentral ng Pilipinas
    c. Obras Pias
    d. Sociedad Economica de Los Amigos

huntersswoodsPH.com

83. Ang pag-alis ng mga Espanyol sa mga karapatan ng mga katutubo na ipinagkaloob sa kanila ni Legazpi at ang pagmamalupit at pagsasamantala sa kanila ay humantong sa pag-aalsa nina _____.
    a. Datu Bancao at ang babaylan na si Pagali
    b. Don Pedro Almazan at Juan Magsanop
    c. Francisco Maniago at Hermano Pule
    d. Rajah Sulayman at Lakandula

84. Si _____ ang namuno sa pag-aaklas laban sa *polo y servicio* sa Samar.
    a. Agustin Sumuroy
    b. Francisco Dagohoy
    c. Francisco Maniago
    d. Pedro Ambaristo

85. Si _____ ang namuno sa pag-aalsa sa Ilocos laban sa pagbabawal ng pribadong produksiyon at pagbebenta ng basi, isang uri ng alak mula sa tubo.
    a. Agustin Sumuroy
    b. Francisco Dagohoy
    c. Francisco Maniago
    d. Pedro Ambaristo

86. Bakit nag-alsa sa mga Espanyol si Francisco Dagohoy?
    a. dahil gusto niyang ibalik ang dating relihiyong katutubo
    b. dahil tinanggihan siyang maging pari sa kadahilanang siya ay isang katutubo
    c. dahil tinanggihan ng isang pari na mailibing sa Kristiyanong pamamaraan ang kanyang kapatid
    d. dahil kinumpiska ang kanyang mga ari-arian ng mga Espanyol

87. Bakit mahalaga sa ating kasaysayan ang pagbukas ng Suez Canal?
    a. Dahil naging matagal ang paglalakbay mula Maynila patungong Spain
    b. Dahil nakarating sa atin ang kaisipang liberal
    c. Dahil naging mahal ang bilihin
    d. Dahil naging mayaman ang Pilipinas

88. Sino ang namuno sa Kilusang Sekularisasyon na itinatag upang ipagtanggol ang karapatan ng mga paring sekular sa mga parokya?
    a. Mariano Gomez
    b. Jose Burgos
    c. Jacinto Zamora
    d. Pedro Pelaez

89. Anong samahan ang itinatag ng mga Pilipinong kabataan na kabilang sa tinatawag na ilustrados?
    a. Kilusang Propaganda
    b. Katipunan

hunterswoodsPH.com

c. Sekularisasyon
d. La Solidaridad

90. Sino ang Gobernador Heneral na naging pantay-pantay ang pagtingin sa mga Pilipino at Espanyol, mahusay ang pakikitungo sa mga tao, at hinikayat ang malayang pamamahayag?
    a. Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre
    b. Gobernador Heneral Jose Basco
    c. Gobernador Heneral Primo de Rivera
    d. Gobernador Heneral Rafael Izquierdo

91. Anong samahan ang itinatag nina Andres Bonifacio noong 7 Hulyo 1892?
    a. Katipunan
    b. Kilusang Propaganda
    c. La Liga Filipina

92. Ano ang opisyal na pahayagan ng Katipunan?
    a. Diyaryong Tagalog
    b. Kalayaan
    c. Kartilya
    d. La Solidaridad

93. Ano ang tawag kay Andres Bonifacio bilang lider ng Katipunan?
    a. Komandante
    b. Supremo
    c. Utak ng Himagsikan
    d. Utak ng Katipunan

94. Aling samahan ang nais wakasan ang pananakop ng mga Espanyol sa pamamagitan ng puwersa o lakas?
    a. Kilusang Propaganda
    b. Katipunan
    c. a & b

95. Kailan itinatag ang Kilusang Katipunan?
    a. Hulyo 3, 1892
    b. Hulyo 6, 1892
    c. Hulyo 7, 1892
    d. Agosto 19, 1896

96. Sino ang sumulat ng mga alintuntunin ng Katipunan?
    a. Andres Bonifacio
    b. Emilio Aguinaldo
    c. Emilio Jacinto
    d. Jose Rizal

97. Bakit hindi naging matagumpay ang paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Español?

hunterswoodsPH.com

a. Wala itong mahusay na pinuno.
b. Hindi malinaw ang layunin nito.
c. Kulang sa pagkakaisa ang mga Pilipino.
d. Kaunti lang ang bilang ng mga Pilipino noon.

98. Sino ang tumutol na bigyan ng puwesto si Andres Bonifacio sa Pamahalaang Rebolusyonaryo?
    a. Emilio Aguinaldo
    b. Candido Tirona
    c. Daniel Tirona
    d. Mariano Trias

99. Sino ang nahalal bilang Pangulo sa Kumbensiyon sa Tejeros?
    a. Andres Bonifacio
    b. Artemio Ricarte
    c. Emilio Aguinaldo
    d. Mariano Trias

100. Sino ang nahalal bilang Direktor ng Digmaan sa Kumbensiyon sa Tejeros?
    a. Andres Bonifacio
    b. Artemio Ricarte
    c. Emiliano Riego de Dios
    d. Mariano Trias

101. Ano ang naging importanteng lokasyon ng rebolusyon na dito nanalo ang Magdalo sa maraming labanan kontra Espanyol?
    a. Bulacan
    b. Laguna
    c. Cavite
    d. Batangas

102. Isa sa mga probisyon ng Kasunduan sa Biak-na-Bato ang pag-alis sa Pilipinas nina Heneral Emilio Aguinaldo at kanyang mga kasama. Saan sila nagtungo?
    a. Amerika
    b. Hong Kong
    c. Inglatera
    d. Tsina

103. Sa edad na 84, inalagaan niya ang mga sugatang katipunero at nagsilbing pagamutan at tagpuan ang kanyang bahay. Inaresto siya ng guwardiya sibil at sumailalim sa interogasyon ngunit hindi siya nagbunyag ng anumang impormasyon.
    a. Marcela Agoncillo
    b. Marina Santiago
    c. Melchora Aquino
    d. Trinidad Tecson

104. Unang ipinahayag ang kasarinlan ng Pilipinas noong _____ sa Kawit, Cavite.

huntersswoodsPH.com

a. Hulyo 7, 1892
b. Agosto 23, 1896
c. Disyembre 30, 1896
d. Hunyo 12, 1898

105. Magkano ang ibinayad ng Estados Unidos sa Espanya kapalit sa pagsuko nito sa Pilipinas?
a. 20 libong dolyares
b. 20 milyong piso
c. 20 milyong dolyares
d. 20 bilyong piso

106. Naniwala ang pamahalaang Amerikano na sa pamamagitan nito, matuturuan at matutulungan ang mga Pilipino na mapaunlad ang kanilang pamumuhay at makapagtatag sila ng sariling pamahalaan.
a. demokrasya
b. makataong asimilasyon
c. pamahalaang militar
d. pamahalaang sibil

107. Ito ay kilala rin bilang Philippine Independence Act.
a. Batas Cooper
b. Batas Hare–Hawes–Cutting
c. Batas Jones
d. Batas Tydings–McDuffie

108. Dahil sa panukala ng Komisyong Taft, ipinagtibay ang Batas Blg. 74 na nagtatakda ng libreng pag-aaral sa mga paaralang bayan. Ang unang nagsilbing guro sa mga paaralang ito ay ang mga _____.
a. gurong Kastila
b. paring Pilipino
c. sumukong Katipunero
d. sundalong Amerikano

109. Sino ang pinuno ng USAFFE o United States Armed Forces in the Far East nang umatake ang mga Hapones?
a. Chester W. Nimitz
b. Douglas MacArthur
c. Dwight Eisenhower
d. George S. Patton

110. Ilang kilometro ang nilakad ng mga kawawang kawal na Pilipino at Amerikano sa tinatawag na Death March?
a. 150 kilometro
b. 100 kilometro
c. 200 kilometro
d. 75 kilometro

huntersw oodsPH.com

111. Ang mga magsasakang labis na naghirap at pinaglulupitan sa panahon ng mga Hapones ay nagbuklod-buklod upang ipagtanggol ang kanilang mga sakahan. Ang pangalan ng kilusang binuo nila ay _____.

a. Bagong KKK
b. Hukbo ng Bayan Laban sa mga Hapones
c. New People's Army
d. USAFFE

112. Sino ang tinaguriang "Ama ng Industriyalisasyon" sa Pilipinas dahil binigyan niya ng prayoridad ang pagpapaunlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng industriyalisasyon?

a. Carlos P. Garcia
b. Diosdado Macapagal
c. Elpidio Quirino
d. Ferdinand E. Marcos

113. Kilala siya sa pagpapatupad ng Austerity Program sa Pilipinas.

a. Carlos P. Garcia
b. Ferdinand E. Marcos
c. Manuel A. Roxas
d. Sergio Osmeña Sr.

114. Sino sa mga sumusunod na pangulo ng bansa ang nagdeklara ng Batas Militar noong 1972?

a. Diosdado Macapagal
b. Manuel A. Roxas
c. Ferdinand Marcos
d. Ramon Magsaysay

115. Sino ang mahigpit na kritiko ni Pangulong Marcos na binaril at namatay habang pababa ito sa eroplano?

a. Lorenzo Tañada
b. Benigno "Ninoy" Aquino
c. Joker Arroyo
d. Jovito Salonga

116. Paano ipinakita ng mga Pilipino na ninais nilang makamit muli ang demokrasya?

a. Nagkaisa sila sa pagtitipon sa mga kalsada.
b. Nagpadala sila ng suporta tulad ng pagkain, gamot at tulong sa mga nagpoprotesta.
c. Nag-alay sila ng dasal para sa mga nagpoprotesta.
d. Lahat ng nabanggit ay tama.

117. Ito ay tumutukoy sa katiwalian ng mga opisyal ng pamahalaan at nongovernment organizations.

a. droga
b. kahirapan
c. kalamidad

hunterswoodsPH.com

d. korapsyon

118. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng paglabag ng karapatang pantao?
   a. pag-agaw sa ari-arian ng isang tao
   b. pag-aresto at pagkulong sa isang tao ng walang warrant of arrest
   c. pagboto sa taong nais mong mahalal sa isang pwesto sa pamahalaan
   d. pagtawag na terorista sa isang tao o organisasyon na walang sapat na ebidensya o batayan

119. Bakit kinakailangang magbayad ng buwis ang bawat mamamayan?
   a. dahil ito ang magpapayaman ng mga nasa gobyerno
   b. dahil ito ang susi ng karunungan
   c. dahil mahal natin ang ating bayan
   d. dahil dito kinukuha ang gastos sa mga proyekto ng pamahalaan at iba pang pangangailangan ng bansa

120. Sino ang sinasabing unang gumagawa ng mga kanyon sa Pilipinas?
   a. Lakan Dula
   b. Magat Salamat
   c. Panday Pira
   d. Sultan Kudarat

hunterswoodsPH.com

# Answer Key

1. c
2. d
3. d
4. b
5. c
6. a
7. a
8. d
9. c
10. b
11. b
12. a
13. c
14. a
15. b
16. a
17. a
18. b
19. d
20. d
21. a
22. c
23. a
24. d
25. d
26. c
27. d
28. a
29. c
30. c
31. c
32. a
33. a
34. d
35. a
36. c
37. a
38. b
39. a
40. d
41. a
42. a
43. a
44. d
45. d
46. b
47. a
48. a
49. b
50. b
51. b
52. c
53. d
54. b
55. a
56. b
57. d
58. a
59. c
60. d
61. b
62. d
63. a
64. d
65. c
66. b
67. c
68. a
69. c
70. c
71. c
72. c
73. a
74. c
75. b
76. b
77. c
78. c
79. a
80. b
81. b
82. a
83. d
84. a
85. d
86. c
87. b
88. d
89. a
90. a
91. a
92. b
93. b
94. b
95. c
96. c
97. c
98. c
99. c
100. c
101. c
102. b
103. c
104. d
105. c
106. b
107. d
108. d
109. b
110. b
111. b
112. c
113. a
114. c
115. b
116. d
117. d
118. c
119. d
120. c

hunterswoodsPH.com